ANG OPISYAL NA PAHAYAGANG PAMPAARALAN
SA PASAY CITY EAST HIGH SCHOOL

HUNYO 2015 - ENERO 2016
TOMO XLVI BLG.1




**Nagkamit ng ika-8 puwesto ang Pasay City East High School sa Pambansang Quipper Partner's Conference Oktubre 24, Sabado ganap na 8:00 ng umaga sa Sitio Elena Venue Place, Valley Golf, Don Celso Tuazon Avenue, Pasig City.**

Ginawaran ng Sertipiko ng Pagkilala ang paaralan dahil sa aktibo , patuloy na paggamit at pagtangkilik sa Quipper ng higit sa apat na libong mag-aaral sa nasabing paaralan.

Dinaluhan nina Gng. Bantay- Quipper Coordinator ng Paaralan at Gng. Geraldine Pimentel, mga guro sa Matematika sa pamamahala ni G. Peter R. Cannon Jr. ,Punongguro.

Naging panauhing pandangal at nagbigay ng mensahe si Yuko Naotori, General Manager ng Quipper Philippines na nagbigay ng inspirasyon sa mga panauhin at patuloy nyang hinikayat ang mga guro at mga mag-aaral na tangkilikin ang Quipper.

Layon ng programa na kilalanin ang mga paaralan na naging aktibo at tumatangkilik sa Quipper bilang isang bagay na makatutulong sa pagkatuto ng mag-aaral at pantulong na kagamitan sa pagtuturo ng mga guro.

Napuno ng mga nakatutuwang gawain , talumpati at "raffle prizes" ang naturang okasyon na ikinasiya ng mga panauhin sa nasabing okasyon.

Sa lasalukuyan, pinaiigting ng mga guro at pamunuan ang pagpapalaganap at panghihikayat na tangkilikin at patuloy na isagawa ang paggamit nito upang makadagdag kaalaman at karunungan sa mga mag-aaral lalo na sa mga estudyanteng may mga hanapbuhay at may iba't ibang suliraning kinakaharap sa paaralan araw-araw gayundin sa mga magpaaral ng ALS (Alternative Learning System at Open High School Program (OHSP).

*-Jarelyn C. Palulim*

## 39th PCSSPC, idinaos sa Silangan

GInanap ang 39th Pasay City Secondary Schools Press Conference sa ating paaralan noong ika-9 hanggang ika-11 ng Setyembre, 2015.

Nilahukan ng iba't ibang mamamahayag mula sa mga paaralan sa Dibisyon ng Pasay.

Nakilahok ang mga mag-aaral na mamamahayag sa paligsahan sa iba't ibang kategorya sa Pamamahayag

Nagwagi ang mga kalahok ng ating paaralan sa ilang kategorya:

Allen Iraola (Kartuning) – Unang Puwesto

Lance Rivera (Pagsulat ng Balitang Isports) – Ikatlong Puwesto

Rio Noreen Glino (Paguulo't Pagwawasto ng Balita) – Ikaapat na Puwesto

Nicka Joy Algo (Pagsulat ng Balita) – Ikaapat na Puwesto

Rosario Umayam (News Writing) – Unang Puwesto

Sher Allison Loren (Copyreading and Headline Writing) – Unang Puwesto

All Tomo (Science and Health) – Unang Puwesto

Mark Julius Guardario (Cartooning) – Ikalawang Puwesto

Sinanay ang mga mag-aaral na nagwagi ng mga tagapayo at ikalawang tagapayo sa English at Filipino nina G. Michael Angelo Aban, Gng. Marlyn A. Mamadod, G. Anthony D. Ferreira at Gng. Marites V. Mallon.

Layunin ng paligsahan na sanayin at paunlarin ang mga mag-aaral sa Pamamahayag at paghandaan ang nalalapit na Regional Secondary Schools Press Conference (RSSPC).

*Rio Noreen Glino*





**Ang mga nagwaging mag-aaral kasama ang mga tagapagsanay– G. Ferreira at Gng. Mallon, Gng, Ramos, G. Peter R. Cannon Jr, Gng. Magbago, EPS-English, Gng. Aida B. Silva, EPS– Filipino at G. Bob Torres,**

# PCEHS, nagkamit ng Unang Pwesto sa Tagisan ng Talino sa Pandibisyong Timpalak sa Buwan ng Wika



Ang mga mag-aaral ng PCEHS na lumahok at nagwagi sa Tagisan ng Talino kasama ang mga tagapagsanay

Nagwagi ng Unang Pwesto ang tatlong mag-aaeal mula sa ating paaralan sa giananap na Pandibisyong Timpalak sa Buwan ng Wika na ginanap sa Andres Bonifacio Elementarry School noong Agosto 14.

Nakuha nina Mark Edlin Rafol , Rovince Carlos na kapwa nasa 10-Rizal at Roce Vien Boco sa 10 -Alonzo ang Unang Pwesto sa Tagisan ng Talino

Kabilang sa mga patimpalak na nilahukan ng mga magaaral galing sa iba't ibang paaralan sa lungsod ng Pasay ay ang Reader's Theater, Balagtasan at Tagisan ng Talino.

Sumailalim sa pagsasanay ni Gng. Marites V. Mallon ang mga nagwaging mag-aaral.

Lalahok sina Rafol, Carlos at Boco sa Panrehiyong Patimpalak sa Tagisan ng Talino.

Isinagawa ang patimpalak na ito upang mapaunlad ang kahusayan ng mga mag-aaral sa Wika at Panitikan gayundin sa mga malikhaing gawain tulad ng Readers' Theater at Balagtasan at upang paghandaan ang panrehiyong patimpalak.

*Nicka Joy Algo*

## Pangulo ng SSG, napili bilang VP ng SSG Division Federation Election

**Nahalal si Sher Allison Loren ng Grade 10-Rizal bilang Ikalawang Pangulo ng SSG o Supreme Student Government sa ginanap na School's Division Federation Election sa Pasay**


Dumalo sa programa si Gng. Ma. Lourdes E. Leal, tagapayo ng SSG kasama si Gng.Marilou T. Cuenco, Puno ng Kagawaran ng Araling Panlipunan.

Nilahukan ng iba't ibang paaralan sa Lungsod ng Pasay ang nasabing eleksyon kabilang na ang Pasay City North High School (Main).Pasay City North High School (Tramo) Pasay City West High School . PasayCity Science High School.Philippine School for the Deaf, Kalayaan National High School at Pasay City East High School.

Ang bawat Pangulo ng SSG ang kakatawan sa kanikanilang paaralan na sinuportahan ng mga Gurong Tagapayo sa pamamatnubay ng bawat Puno ng Departament

Ang nasabing programa ay nagdulot sa mga mag-aaral ng panibagong karanasan sa pamumuno.

*Jhon Franz Marcaida*



Sina Marchelle Conte at Shayne Pagwagan , kapwa nakamit ang Ikatlong pwesto sa Maunawang Pagbasa at Pagsulat ng Dagli kasama si Gng. Elvie Correa, Gurong Tagapagsanay at Gng. Evelyn R. Ramos. Puno ng Kagawaran sa Filipino na ginawaran ng mga hurado at ni Gng. Aida B. Silva-EPS-Filipino

## PCEHS, nagwagi sa Pandibisyong Tagisan ng Talino

Nakamit ni Marchelle Conte, Grade 9-Sampaguita sa Maunawang Pagbasa at Shayne Pagwagan-Grade 8 Mangga, sa Pagsulat ng Dagli na [arehong nagkamiyt ng Ikatlong Pwesto ginanap sa aring paaralan noong Enero 28, 2016.

Nakiisa ang mga mag-aaral, mga gurong tagapagsanay at mga puno ng kagawaran sa Dibisyon ng Pasay sa pamamahala ni Gng. Aida B. Silva, EPS-Filipino.

Nagbigay ng mensahe si Gng. Evelyn R. Ramos, Puno ng Kagawaran ng Filipino na bahagi bahagi ng kanyang bating pagtanggap gayundin si Gng. Aida B. Silva na nagbigay ng mekaniks sa patimpalak.

Ipinakilala ang mga hurado sa patimpalak na sina G. Robinson Cedre, manunulat sa Filipino at Gng. Christina Chioco, Curriculum Specialisr sa Central DepEd Office.

Sinanay nina Gng. Marites V. Mallon at Gng, Elvira N. Correa ang mag-aaral na nagawagi.

*Neil Jake Reyes*

## Mag-aaral ng 10-Alonzo, nakuha ang Ikatlong Pwesto sa BSP

**Nasungkit ni Roberto Lutching ng Grade 10 –Alonzo ang Ikatlong Pwesto sa Bangko Senral ng Pilipinas (bsp) sa Pandibisyong Patimpalak sa Pagsulat ng Sanaysay na ginanap sa Epifanio Delos Santos Elementary School, Hulyo 30,2015 sa pagsasanay ni Gng. Marites V. Mallon at sa pamamatnubay ni Gng. Evelyn R. Ramos, Puno ng Kagawaran.**

Nilahukan ng mga mag-aaral buhat sa iba't ibang paaralan ng Lungsod ng Pasay sa pampubliko at pampribado ang nasabing patimpalak.

Pinangunahan ni Gng. Aida B. Silva ang programa kasama ang lahat ng mga Puno ng Kagawaran sa Dibisyon ng Pasay.

Ang naging tema sa nasabing programa ay tungkol sa Kahalagahan ng Pag iimpok.

Sinanay ni Gng, Marites V. Mallon si Lutching, tagapayo at guro sa Filipino at sa pamamatnubay ni Gng, Evelyn R, Ramos, Puno ng Kagawaran ng Filipino.

*Angel Almoguerra*

# Implementasyon ng OHSP, ipinatupad sa Silangan

**Sinimulan sa PCEHS ang implementasyon ng OHSP (Open High School Program) sa Taong Panuruang 2015-2016.**

Isinagawa ang programang ito bilang bahagi ng DepEd Bureau of Secondary Education's Drop Out Reduction Program (DORP) upang matugunan ang pangangailangan ng Students at Risks of Dropping Out (SARDOs).

Sa ilalim ng DORP at SARDOs, magbibigay ng tatlong mode o paraan ng pagkatuto na hindi dumadalo sa pormal na klase, gaya ng: Modular System- ang mga mag-aaral ay gumagamit ng modyul (self-learning kit) upang sila ay matuto at maaari nilang gawin ito sa kanilang tahanan, Internet- Based Learning- natututo sila sa pamamagitan ng kompyuter o online learning; Blended Technology- pinagsama ang modular at internet-based upang sila ay matuto at maturuan.

Natututo ang mga mag-aaral sa OHSP sa pamamagitan ng independent na pag-aaral gamit ang self instructional learning materials. Ginagabayan sila ng kanilang mga tutors/ guro kung sila ay may mga katanungan dahil sa nalilito sila o nahihirapan.

Pumapasok ang mga mag-aaral sa araw ng Sabado na ang klase ay katulad din sa regular na klase sa sekundarya na may iba't ibang guro na magtuturo sa bawat asignatura, kabilang sa mga gurong nagtuturo sa OHSP ay sina: Gng. Elvira N. Correa, Gng. Marites V. Mallon, Gng. Thelma Macalinao, Bb. Nida Serrano, Gng. Geraldine Pimentel, Gng. Floreza Mendoza, Gng. Katrina De Sena, Gng. Mary Jane Mendoza, Gng. Ma. Theresa Cruz, G. Fidel Solarte, Gng, Shiela Charaychay, G. Aniceto Silvano, Bb.Mary Annabelle Cabasug, Gng. Jenneth Dela Cruz, G. Rogelio Dela Cruz at Gng. Redesa Loteriña.

Tumatayong OHSP Coordinator si G.Baltazar Gonzaga kaagapay ang ating punungguro, G. Peter R. Cannon Jr. Naglalaan ng isang araw na konsultasyon ang mga guro sa mga mag-aaral tuwing Miyerkules at Huwebes upang maipaliwanag ang mga aralin na hindi nauunawaan.

Nagsagawa ng iba't ibang gawain ang OHSP gaya ng Parent Orientation, Launching at ang lingguhang Consultation at Follow-up sa mga mag-aaral.

Ipinatutupad na sa kasalukuyan ang Open High School Program sa tatlong paaralan sa sekundarya sa Dibisyon- sa Pasay City West High School, Kalayaan National High School at

*Marites V. Mallon*

# Buwan ng Wika, ginanap sa Silangan

**Idinaos sa ating paaralan ang Buwan ng Wika na may temang " Filipino: Wika ng Pambansang Kaunlaran " na ginanap noong Setyembre 3, sa Audio Visual Room (AVR).**

Ipinagdiwang sa ating paaralan ang iba't ibang patimpalak na nilahukan ng mga mag-aaral mula Baitang 7 hanggang 10, sa pangunguna at pakikiisa ng mga opisyales ng Filipino Club at sa tulong Qng tagapayo ng Filipino Club na si Gng. Avelina P. Bagtas at pangalawang tagapayo na si Gng. Blanca P. Cruz gayundin ng mga guro sa Kagawaran ng Filipino sa pamamahala ni Gng. Evelyn R. Ramos, Puno ng Kagawaran.

**Masining na Pagkukuwento**
Una- Chinel, Avril (7-Apitong) Bb. Fabreag;Ikalawa- Abgona, Precious Joy (7-Narra) Gng. Cruz;Ikatlo- Bodota, Donna (7-Banaba) Gng. Cruz

**Monologo**
Una- Obrique, Rose Ann (8-Mangga) Gng. Correa;kalawa- Sagay, Andrea (8-Mangga) Gng. Correa

**Pagsasatao**
Una- Caole, Mary Rose (9-Anthurium) Bb. Gargoles;Ikalawa-Mabag, Mary Grace (9-Daisy) Bb. Gargoles;Ikatlo- Basario, Eger Boy (9-Anthurium) Bb. Gargoles

**Pagsulat ng Sanaysay**
Una- Luching Roberto (10-Alonzo) Gng. Mallon
Ikalawa- Adonis, Reymabel (10-Rizal) Gng. Mallon
Ikatlo- Cariaga, Harvey (10-Rizal) Gng. Mallon

**Paggawa ng Slogan**
Una- Ofalsa, Joy (10-Rizal) Gng. Mallon
Ikalawa- Glino, Ria Pauleen (8-Mangga) Gng. Correa
Ikatlo- Gusi, Edralyn (8-Mangga) Gng. Correa

**Paggawa ng Poster**
Una- Serrano, Shecaira (10-Rizal) Gng. Mallon
Ikalawa- Nuñez, Angelica (10-Rizal) Gng. Mallon Ikatlo- Rios, Seantroy (7-Narra) Gng. Cruz

**Paggawa ng Collage**
Una- Delis, Brianna Ashley;Estaca, Nicole Ann (10- Del Pilar) Gng. Peñaflor;Guardario, Mark Julius;Ikalawa- Malala, Armina;Recto,Erica(10-Rizal) Gng.Mallon Tapia, Trisha Berlen;Ikatlo- Cuello, Shiela Mae;Gilbuena, Princess (10-Alonzo);Luangco, Jonathan—Gng. Mallon

**Fliptop**
Una- Cariaga, Harvey;Manuel, Marcus Kim (10-Rizal) Gng. Mallon;Ikalawa-Feliciano, Dominique;Malala, Armina (10-Rizal) Gng. Mallon, Recto, Erica;Ikatlo- Atilloso, RonnieCarlos, Erick (10-Rizal) Gng. Mallon

**Musikahan sa Silangan**
Una- Triwan (9-Sampaguita) G. Ferreira;Ikalawa- Anthurium (9-Anthurium) Bb. Gargoles;Ikatlo- Shine Pilipinas (8-Camachile) Gng. Lajarca

**Paggawa ng Dokumentaryo**
Una- Lente ni Juan (10- Rizal) Gng. Mallon;Ikalawa– No. Juan (10- Rizal) Gng. Mallon; Ikatlo- Hayahay 5 (10- Rizal) Gng. Mallon.

Virgilio Española
Jhon Franz Marcaida

# Reading Month 2015, ipinagdiwang

**Isinagawa ng mga mag-aaral ng PCEHS ang taunang selebrasyon ng National Reading Month na pinangunahan ng English at Filipino Department noong ika-6 ng Nobyembre 2015 sa ating paaralan.**

Binuksan ang nasabing programa ni G. Roger Escarilla, guro ng Palatuntunan kabilang ang mga guro sa Ingles at Filipino sa pamamatnubay nina Gng. Teresita Bolalin, Puno ng Kagawaran ng Ingles at Gng. Evelyn R.Ramos, Puno ng Kagawaran ng Filipino at sa pamamahala ni G. Peter R. Cannon Jr., ang ating punongguro.

Nagsagawa ng Character Parade mula sa mga klasikong akda sa English at Filipino at ang pagpapamalas ng ilang talento ng mga mag-aaral na ipinakita sa Culminating Activity, bilang panghuling gawain sa Reading Month.


Ipinapaalala ng gawaing ito na dapat pahalagahan ang pagbabasa at patuloy na paunlarin upang mas lumawak ang daigdig ng kaalaman ng isang tao. *Armina Malala*




"Masayang Magbasa" ayon kina Jhon Franz Marcaida, Pangulo ng Filipino Club, Gng. Avelina P. Bagtas, Tagapayo ng Filipino Club at Gng. Evelyn R. Ramos, Puno sa Kagawaran ng Filipino.

## EDITORYAL

# Makabagong Teknolohiya, gamitin sa tama




Sa mundong patuloy ang pag-unlad hindi na nakapagtataka kung ang mga modernong teknolohiya ay maglipana at lumaganap saan mang dako ng mundo.

Ayon sa social Networking fact Sheet ng pew Research Center.. www.google .com 74% ng mga tao ay gumagamit ng internet, 72% sa mga lalake at 76% naman para sa mga kababaihan.

Hindi naman nakapagtataka sapagkat kahit saan ka man lumingon , lahat halos ay may dala-dalang cellphones, gadgets, laptops at iba pang mga makabagong teknolohiya at saan ka mang dako pumunta, Mol,restawrant o kahit saang establisyamento ay may libreng Wifi.

Hindi masama na makiayon sa modernisasyon sapagkat ngayo'y nasa 21st Century na tayo at mapag-iiwanan ka kung hinde tayo aayon sa panahon ng globalisasyon. Karagdagan nito, malaking tulong sa ating pag-aaral ang mga gadgets tulad na lamang ng computer at internet na sa isang pindot mo lamang ay lalabas na ang resulta ng hinahanap mong takda o kahit mga salita o bokabularyong mahihirap ay kaya ni Mr. Google. Maging sa paaralan ay makabuluhan na ito tulad nalang ng nakatutulong na Quipper, EdMOdo at marami pang iba. Gayundin kung sa paghahanap naman ng kaibigan o mga kamaganakan ang nais mo, pumunta kalang sa facebook at siguradong magkakaroon na kayo ng komunikasyon.

Ngunit may ilang pangyayari na hindi natin ginagamit ang mga makabagong teknolohiya sa tama sapagkat minsan habang tayo'y nag-aaral o nagri research, nandyang sumisingit ang facebook, games Dota at iba pang nakakaubos ng ating oras sa walang kabuluhang bagay at nakakalimutan nating unahin ang ating mga gawain, dagdag pa nito .ay mahilig tayong maki chismis sa pamamagitan ng Tweeter kaya't ang resulta nadadagdagan ang ating mga kaaway. Ito din minsan ang nagiging sanhi ng tinatawag na cyber crime sa mahilig pumatol sa pakikipagkaibigan sa social networking. Isa lamang ang nais ipakahulugan nito, sa darating pang mga panahon marami pang madidiskubreng mga makabagong teknolohiya at maraming mauusong mga bagong gadgets.Kung atin itong gagamitin sa tama upang madagdagan pa ang ating kaalaman , nakasisigurado akong lahat tayo ay magiging produktibong mamamayan ng bansa.

## PATNUGUTAN

Neil Jake Reyes
Punong Patnugot

Rio Noreen Glino
Ikalawang Patnugot

Tagapamahala Allen Iraola
Editoryal Kartuning Allen Iraola
Editor ng Balita: : Armina Malala
Pang. Patnugot ng Balita: Nicka Joy Algo
Editor ng Lathalain: Christian Masamayor
Pang. Editor ng Lathalain: Jessica Castor
Editor ng Isports: Joy Ofalsa
Pang. Editor ng Isports: Jade Ann Quebec
Editor ng Panitikan: Dominique Feliciano
Pang. Editor ng Panitikan: Christine Alfonso
Tagakuha ng Larawan: Neil Jake Reyes
Taga-Anyo ng Pahina: Neil Jake Reyes
Tagamakinilya: Kimberly Domalaon, Joshua Dacuital, Erica Recto, Rovince Carlos, Shecaira Serrano

Manunulat at Kontributor:
Bea Patricia Valdez, Jarelyn Palulim, Romuelle Clarence De Venecia, Roberto Lutching, Virgilio Española II, Jhon Franz Marcaida, Rachel Maculi, Marites V. Mallon, Anthony D. Ferreira, Armina Malala, Allison Laine Celeridad, Erica Recto, Milagros Ereña, Lance Rivera, Marcus Kim Manuel, Rovince Carlos, Kimberly Domalaon, Jhunnel Notor, Kathleen Jane Javillo, Joshua Dacuital, Angelica Louisse Bognot, Reymabel Adonis, Cherry Ann Centino, Harvey S. Cariaga, Zyrhille Capistrano, All Tomo , Angel Almoguerra



## BE-THE BIDA

NEIL JAKE D. REYES

# Kalidad ng edukasyon, tugon ng K to 12

Sa Taong 2016, ang Pilipinas ay hindi na pahuhuli sa larangan ng Edukasyon at masasabing globally Competitive gaya ng ibang bansa.

Opisyal na naipasa ng DepEd ang K-12 taong 2012 sa Administrasyong Benigno Aquino Jr. , ang sistema ng edukasyong ito ay pinagtibay ng Enhanced Basic Education Act of 2013 at kilala bilang Republic Act 10533 sa ngayon.

Layunin nito na mapaunlad ang kalidad ng edukasyon.

Noong una'y marami ang mga taong tumutuligsa at ayaw yakapin ang pagbabagong ito sapagkat marami parin ang naghahaka-haka na walang maidudulot ang dagdag na pag-aaral kundi gastos, sakit lamang sa bulsa at pagsasayang ng oras . Sa una'y mahirap ngunit unti-unti ay binago ng pamahalaan ang kaisipan ng mga tao hinggil sa usapin ng K-12 sa pamamagitan ng walang sawang pag-aanunsyo, pagbibigay-alam at pagpapaalala sa mga tao na ang edukasyong ito ay magsisilbing tugon sa kahirapan ng mga mamamayan sa pamamagitan ng trabahong naghihintay sa bawat estudyante kapag sila ay nakatapos ng dalawang taon ng bokasyonal o di naman kaya kung pang akademiko ang kukunin ay hindi na tayo pahuhuli sa ibang bansa.

Hindi pahirap ang magiging bunga ng karagdagang taon na ito sapagkat nakahanda ang pamahalaan na tugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng voucher system na ihahandog ng DepEd sa bawat isa na mag-aaral sa pampubliko man o pampribadong paaralan. Yun lamang ay kailangang pagbutihan nila ang pag-aaral.

Anupa't hindi na kailangang pagtalunan pa .ang nais lamang ng pamahalaan ay matugunan ang kalidad ng Edukasyon sa bansa.

## Senior High School: Daan Tungo sa Kaunlaran sa Mas Matayog na Kinabukasan

Ni: Allison Laine Celeridad

Noong nakaraang Mayo 15,2013, nilagdaan ni President Noynoy Aquino ang batas na nag-aatas na dapat ang mga Pilipinong mag-aaral ay dumaan sa Kindergarten, anim na taon sa elementarya,apat na taon sa Junior High School at dalawang taon sa Senior High School. Sinuportahan naman ito ng DepEd Secretary Armin Luistro. Ayon pa sa kanya,magdudulot ng magandang bunga sa mga kabataan ang programang K to 12. Ngunit gaya ng isang plano, laging may masamang epekto rin ito para sa atin. Marami pa rin sa ating mga kababayang Pilipino ang tutol sa pagbabago ng sistema ng edukasyon sa ating bansa. Para sa iba, dagdag pasanin ito sa kanila sapagkat dinagdagan ng dalawang taon sa High School.

Pero kung mas iisipin pa natin ang mas malalim na kahulugan kung bakit ito ipinatupad ay para na rin sa kapakanan ng mga magulang at lalong lalo na sa mag-aaral sapagkat pagkatapos ng Senior High School ay maaari nang makahanap ng trabaho ang mga mag -aaral na siyang pangunahing dahilan kung bakit nag-aaral at nagpupursigi siyang makatapos ng pag-aaral. Magkakaroon ka na ng disente at maayos na trabaho. Parati nating iisipin ang maganda at positibong epekto ng mga bagay-bagay sa mundo.

Dagdag pa nito, magkakaroon ng kasanayan ang mga estudyante sa larangang kanilang napili.

Handang-handa na sila para umunlad ang kanilang kinabukasan. Huwag ipagpaliban ang programang ito.

## MRT : Solusyon sa Problema ni Juan

Ni: Armina T. Malala

Isa ang MRT o Metro Rail Transit na ginagamit ng bawat Pilipino sa kanilang transportasyon upang mapadali ang lakad at hindi mahuli sa paroroonan. Ngunit nitong mga nakaraang buwan at mga nakalipas na taon, marami nang aberya ang naiulat patungkol sa MRT dahil sa madalas nitong pagloloko dahil matagal na rin itong ginagamit simula pa noong Disyembre 15, 1999.

Sa katunayan nga, kahit sa panahon na hindi maganda ang kalagayan ng MRT ay patuloy pa rin itong ginagamit bilang transportasyon. Dahil isa sa mga dahilan nito ang pagdudulot ng mabigat na trapiko dahil sa maraming sasakyan at taong nangangailangan ng sasakyan. Ngunit hindi ba mapanganib ito para sa buhay ni Juan? Mas mahalaga ang buhay kung kaya't mahalagang unang isipin ang magiging epekto ng patuloy na pagpapaandar ng MRT kahit na ito ay may problema.Isa pa, ang matagal at mahabang pila ng mga pasahero ng tren ang kabila-kabilang angal ng bawat Pilipino.

Napabalita na noon na apat na unit ng tren ang inaasahang idadagdag sa MRT simula nitong 2016.

Ayon sa Department of Transportation (DOTC) ang mga makabagong tren ay darating sa Pebrero at maaari nang gamitin sa unang quarter ng taon. Ang Bureau of Custom ang magpo-proseso nito para dalhin sa MRT upang suriiin ng husto at paandarin.

Nawa'y maging daan ito para maginhawaan si Juan sa pagsakay sa MRT.

## Walang katapusang TRAPIKO!

Ni: Erica R. Recto

Sa paglipas ng maraming panahon, marami ang nagbago, marami ang nangyari at marami pang mangyayari. May ilang umunlad at ang iba naman ay patuloy pa rin. Ngunit lubos na nakapagtataka TRAPIK sa Pilipinas….. patuloy pa rin. Bakit nga ba patuloy na hindi umuusad ang isa sa mga problema ng karamihan lalo na ng mga mamamayan na araw-araw pumapasok sa kani-kanilang trabaho o eskwelahan.

Ang patuloy na paglala ng kondisyon sa trapiko ay nagdudulot ng suliranin sa bawat mamamayang dumadaan sa kalye araw-araw. Isa sa mga suliraning kanilang kinakaharap ay ang pagiging maiinitin ang ulo sa ilang oras na paghihintay sa mainit, masikip at maingay na milya ng kalsada. Kung kaya naman kanya-kanya ang mga Pilipino sa paggawa ng paraan upang makaiwas lamang sa trapiko.

Ayon sa datos ng Numbeo, kabilang ang Pilipinas sa mga nangungunang bansa na may malaking problema sa mabigat na daloy ng trapiko. Ilan sa mga kadahilanan kung bakit hirap na lutasin ng mga Pilipino ang trapiko ay ang pagdami o patuloy na pagtaas ng bilang ng mga sasakyan na dumadaan sa kalye araw-araw. Maging ang mga pinagbabawal na mga sasakyan tulad ng tricycle, side car at mga iba't ibang paninda na nasa paligid ng lansangan ay nagbibigay bigat din sa daloy ng trapiko.

Isa lamang ang magiging paraan upang ang trapiko ay hindi na lumala. Ito ay ang pagiging masunurin ng mga bawat mamamayang Pilipino sa mga batas o mga pinaguutos ng mga bawat opisyales ng gobyerno o maging ang mga miyembro ng Metropolitan Manila Development Authority o (MMDA) ukol sa trapiko.

Talaga nga naman pagdating sa mga ugali ng mga Pilipino, hindi maiiwasan ang pagiging hindi masunurin at pasaway lalo na sa batas trapiko. Nawa ay maging alerto at masunurin tayo pagdating sa batas na ito upang maiwasan natin ang mga sakuna sa kalsada na nagyayari sa araw-araw .

## Bangsamoro Basic Law: Dapat bang Ikasa o Ibasura?

Ni: Allison Laine Celeridad

Isa sa mga mainit na isyu ngayon ang Bangsamoro Basic Law o BBL. Ang BBL ay isang proseso ng tuluyang pag tanggal sa Autonomous Region in Muslim Mindanao o (ARMM) at layunin nitong magpatupad ng isang ganap na kasarinlang politikal sa naturang lugar. Ito ay base sa isang kasunduan na tinatawag na Comprehensive Agreement on the Bangsamoro na pinirmahan din lang ng ating gobyerno at ng Moro Islamic Federation Front o MILF.

Ngunit marami sa ating mga kababayan ang tutol sa naturang batas na ito. Naniniwala silang ang Pilipinas ay binubuo lamang ng tatlong pangunahing mga pulo at ito ang Luzon, Visayas at Mindanao. May hindi magandang idudulot ang pagkakaroon ng BBL, magkakaroon ng mga 'di pagkakaunawaan ang mga tao sa Mindanao. Mawawalan ng kapayapaan sa pagitan ng mga mamamayan sa nasabing lugar.Nasa isang demokratikong bansa tayo naninirahan at mawawalan ng saysay kung ipapatupad ang ganitong sistema ng gobyerno.

Hindi na natin masasabi na tayo ay nagkakaisa sa ilalim ng nag-iisang bandila.

Pero para sa inyo? Bilang mga mag-aaral at mamamayan dito sa Pilipinas, ang Bangsamoro Basic Law ba ay dapat na ikasa o ibasura?

# #HUGOTestudyante

Ni: Christine Jane Alfonso

1.) Araling Panlipunan- "Tapos na ang lahat,diba? Pero bakit pilit pa rin nating binabalik ang nakaraan?"
2.) English- Alam mo yung masakit? Yung tipong hindi umabot ang story natin sa Climax
3.) Edukasyon sa Pagpapakatao - " Alam mo ba na dahil sayo, binago mo ang buhay ko? Natutunan kong maging mas mabuting tao kesa noon."
4.) Filipino- "Sana ako na lang si Dr. Jose Rizal na kaya kong isulat ang damdamin ko sa Noli Me Tangere at El Filibusterismo."
5.) MAPEH- "Naalala mo ba noong kinakantahan mo pa ako, noong tinuruan mo akong magdrawing at noong lagi pa tayo naglalaro ng kung anong sports ang maisip mo. Grabe nakatulong ka pala dati sa kalusugan at damdamin ko?"
6.) Mathematics- "Bakit ba kasi lagi kitang hinahanap kahit wala na talaga? (x)"
7.) Science- "Sabi nila ang lakas daw natin maka-Chemistry, tuloy na fall ako simbilis ng acceleration due to gravity na 9.8m/s2."
8.) T.L.E. - "Dito ko natutunan na kaya ko palang gawin ang praktikal na bagay kahit wala ka."



## *Mga Makatotohanang Gawain nating mga Mag-aaral ng Sekondarya*

∞∞∞∞∞∞∞∞∞∞∞∞∞∞∞∞∞∞∞Ni: Milagros Ereña

∞Kumain ng patago habang nagtuturo ang guro.
∞Ang gumawa ng proyekto o takdang aralin ng ibang asignatura habang nagkakaroon ng talakayan sa iba pang asignatura.
∞Ang pumasok ng maaga para Makita ang taong hinahangaan.
∞Kuhanan ng litrato ang natutulog na kaklase at ipakita sa mga kaklase.
∞Hindi titigil sa pag-iingay kapag wala ang guro hangga't hindi nagagalit o sumigaw ang pangulo.
∞Sisigaw o maghihiyawan ang buong klase kapag ibinalita ng pangulo na liban ang guro.
∞Kapag lumakas ang ulan laging may sumisigaw ng "Wala ng pasok"
∞Maguunahan kayong magkakaibigan na hulaan ang mga paunang pagsusulit.
∞Kapag hindi magpapasa o gagawa ang isa niyong kaibigan ng proyekto hindi na kayo magpapasa o gagawa lahat.
∞Kapag may pinasulat na mahaba,may lalagpasang mga salita o talata para mapaiksi ang susulatin.
∞Magpapaalam na pupunta sa banyo pero ang totoo bibili ng pagkain.
∞Gagawin ang lahat ng proyekto isang araw bago ang pasahan.
∞Magpaalam sa magulang na may pangkatang gawain pero ang totoo ay gagala lamang kasama ang mga kaibigan.
∞Itatali ang bag sa upuan at maglalagay ng kalat o mga papel sa bag ng kaibigan.
∞Itatago ang cellphone,pagpapapasahan at hindi ibabalik hangga't walang umiiyak.
∞Palihim na maglalaro,magbabasa ng wattpad o magte-text habang may guro.
∞Itutulak o aasarin ang kaibigan kapag dadaan ang kaniyang hinahangaan.
∞Gagayahin kung paano kumilos at kung paano magsalita ang mga guro.
∞Iyong bigla niyo na lang aayusin iyong mga upuan at babalik sa tamang pwesto kapag may sumigaw na"Nandiyan na si Ma'am"
∞Iyong mag-uusap kayo ng mga kaibigan niyo habang may klase sa pamamagitan ng pagpapasa-pasahan ng papel.
∞Dumaan sa palapag kung na saan ang iyong taong hinahangaan.
∞Kapag sinabi ng inyong guro na kopyahin ang nasa pisara,ilalabas ang cellphone at kukuhanan ng litrato.
∞Hindi kayo maglilinis ng maayos ng silid aralan hangga't hindi napapagalitan ng guro.

Ilan lamang iyan sa mga gawain nating mga mag-aaral ngayong nasa sekondarya tayo''Highschool life" masasabing isang hindi malilimutang parte ng buhay.Masasabi rin na kung hindi ka gumawa ng kalokohan,ay hindi makukumpleto ang highschool life mo.Ang kalokohan ay ang mga gawaing hindi masama pero para sa akin ay hindi rin mabuti.Masaya gumawa ng kalokohan kasama ang mga kaibigan pero dapat matuto tayong limitahan ang ating mga sarili.Hindi dahil maraming gumagawa at nakasanayan na nating gawin ay ito na ang tama.

## MGA PAYO NG BIBLIA SA KABATAAN

∞∞∞∞∞∞∞∞∞∞∞∞∞∞∞∞∞∞∞Ni: Bishop Anthony Ferreira

∞Maglingkod sa Dios habang bata pa (Ecclesiastes 11:8-10)
∞Maging matiyaga sa pag-aaral kahit pagod na ang katawan (Ecclesiastes 12:12)
∞Matakot sa dIos at sumunod sa mg autos (Kawikaan 22:6)
∞Sundin ang turo ng Dios at ng magulang sa daan na dapat niyang lakarang ( Kawikaan 22-6)
∞Makinig sa mga aral ng Dios at ng magulang at magpakapantas. (Kawikaan 23:19.18)
∞Sundin ang utos ng ama at ina dahil ang utos ay tanglaw at liwanag at ang mga saway ay daan ng buhay (Kawikaan 6:20. 23)
∞Ang pagsunod sa mg autos ng Dios at magulang ay nagpapahaba ng buhay ng isang anak at nakalulugod sa Panginoon. (Kawikaan 4:10/ Efeso 6:1-3/ Colosas 3:20)
∞Magiging maganda ang buhay ng masunuring anak. (Awit 37:25)
∞Ang parusa ng magulang maminsan-minsan at ng Dios ay tanda ng malasakit sa mga itinuturing na anak upang huwag mapahamak. (Kawikaan 13:24/Hebreo 12:5)
∞Huwag gugulin ng kabataan ang kanyang buhay sa walang kabuluhan (Ecclesiastes 10:27)
∞Ang pagkatakot sa Panginoon ay nagpapalaon ng kaarawan niya. (Kawikaan 10:27)
∞Ibig ng Dios na ang lahat ng tao ay maligtas bilang kanyang nilikha (Timoteo 2:4)
∞Pahalagahan ng kabataan ang kanyang buhay sa mundong ito. (Marcos 8:36-37)
∞Ang paggawa ng maburti at masama ay hahatulan ng Panginoon kaya ang nararapat sa lahat ng tao lalo na ang mga kabataan ay sa paggawa ng mabuti mahilig (Ecclesiastes 12:14).

## MOVIE REVIEW

### Heneral Luna

Ni: Bea Patricia E. Valdez

Negosyo o Kalayaan? Bayan o sarili?" Ito ay isa lamang sa mga katagang sinabi ni Heneral Luna sa kanyang pelikula. Isang pelikulang nagpakita ng nasyonalismo sa bansa, ang Pilipinas. Ipinakita nito ang pagmamahal sa bayan sa pamamagitan ng pag-alay ng buhay upang makalaya sa sarili nating bayan.

Noong mga panahon ng kahirapan at kagipitan sa mga kamay ng mga kastila, naipakita ni Heneral Luna ang kaniyang damdaming makabayan. Higit o lalo na ang katapangan sa paharap sa mga armas ng mga kalaban.

"Kalaban ng kalaban, Kalaban ay kakampi" Ito nga ata ang itinadhana. Ang mismo kapwa nating Pilipino ay isa rin sa mga nakiapid sa bansa, kumalaban, at mismong pumatay pa sa heneral na siyang nagbigay ng kalayaan at karangalan sa ating bansang sinakop ng mga kastila.

Napakaraming mga bayani ang nagbigay ng karangalan sa bansa kagaya na rin ni Heneral Luna. Binigyang diin niya na bilang isang heneral, kailangan mo ring pahalagahan ang sarili mong bayan. Hindi sa paggamit ng armas o kamay na bakal sa mga krimeng nalalaganap sa bansa. Pilipino sa Pilipino kundi para sa ikauunlad ng bawat Pilipino na makiisa sa kalayaan ng bansang Pilipinas. Ang Pilipinas na balang araw ay magningning rin sa pagiging damdaming makabayan ng bawat sambayang pilipino kagaya ng pagiging makabayan ng Heneral, si Heneral Luna.

## Maling Tadhana

Ni: Neil Jake Reyes




Sa puhunang ginugol ko sa apat na taon para sa sekondarya. Pagsusunog kilay, madugong labanan at gabing walang tulugan. Pero hindi pa pala sapat ang ibinigay ko, hindi pa pala sapat ang maging mapagbigay. Kulang pa pala ako sa galit at nasobrahan sila sa pagkamuhi.

Inakala ko na ang mga tala ay parating nakatingin sa akin na akala ko ako'y laging may gabay pero kailangan ko na pala ng saklay sa aking patutunguhan at ang aking tahanan ay hindi sapat sa mga pagkakataong kailangang umangat sa klase kapag hinihila ka na ng katabi pababa..

Buo ang pag-asa ko na mabait sila pero napakapait pala na sa kakulangan ng pagmamahal ay gipit sila. Masama ang loob ko sapagkat ibinigay ko ang lahat at ang lahat ng mayroon ako ay ibinuhos ko ng sakto magmula pataas sa pag-aakalang ako'y babagsak sa isang timba ng karangalan pero mali pala.

Ang pagtatapos ng bawat yugto ay inakala kong maganda ang sagisag ng katapusan pero tama nga sila. Tama nga ang sinabi ng guro ko sa siyensa "hindi perpekto ang mundo at ang malakas ay matitira at ang mahina ay mawawala".

Pero paano kapag ang mga bagay na nagsilbing lakas ay nasayang ko na at ako'y nanghina na sa lahat.

Sa pag aakala kong may pagkakaisa, laglagan lang pala. Sa pag- aasam ko ng pagtutulungan ang aking makakamtan delubyo pala.

Walang magawa ang isang tulad ko at kinapos na nga pala din ako sa hininga at wala na akong boses sa kasamaang palad tapos na nga pala din ako sa isang yugto ng pahina ng libro sa buhay ko at ibabaon ko ito para sa pagaakalang ang mga alaala ay matagal ng wala na.

## TRAVELOGUE

## Lakbay-Aral sa Gitnang Luzon

Ni: Armina T. Malala

Isang masaya, makabuluhan, at punong-puno ng bagong kaalaman ang paglalakbay namin kasama ang aking mga kapwa kamag-aral sa Gitnang Luzon. May mga bagong kaalaman o dagdag kaalaman tungkol sa kasaysayan at iba pang bagay-bagay. Bago pa magtapos ang taon, Nobyembre ng 2015 nang magkaroon kami ng lakbay aral sa Bulacan at Pampanga. Malayu-layo din ito sa aming pinanggalian kung kaya't bago sa aming paningin ang mga magagandang tanawin.

Sa Pampanga ang una naming destinasyon. Mula sa aming paglalakbay, nalaman ko na ang Pampanga ay mula sa salitang *pampang,* na nangangahulugang "dalampasigan". And pagtatag nito ang naging dahilan upang maging kauna-unahang lalawigang Kastila sa Pilipinas. "La Pampanga" ang pinangalan ng mga kastila sa mga katutubong kanilang natuklasang naninirahan sa dalampasigan. Una naming pinuntahan sa Pampanga ang Dino Island na matatagpuan sa Clark Pampanga. Sa Pagpasok dito, una mong masisilayan ang mga replika ng mga Wonders of the World. Kabilang dito ang replika ng Taj Mahal, Mausoleum, Halicarnassus, Christ the Redeemer, Great Pyramid of Giza, Great Wall of China, at marami pang iba. Pag nakita mo ito sadyang mamamangha ka sa kagandahan at animo'y totoo ang nakikita mo at hindi replika lamang dahil sa husay sa pagkakagawa. Sa Dino Island hindi mo lang makikita ang mga iba't-bang uri ng daynosor, kasama dito ang aktuwal na sukat, laki, at galaw ng mga ito. Sa loob pa nito ay makikita ang mga buto ng iba't-ibang uri ng daynosor. Sobrang laki ng Dino Island at hindi ka magsasawang libutin ito. Sunod naming pinuntahan ang Clark Ground, sa Pampanga pa din. Makikita dito ang mga eroplano at mga kagamitang ginamit noong panahon ng World War II. Maari mo itong sakyan at napakalawak ng lupain ng Clark Ground.

Matapos ang paglalakbay namin sa Pampanga, sunod naming dinayo ang Bulacan. Ang Malolos ay ang lungsod kapital ng Bulacan. At ito na nga ang aming sunod na nga naming destinasyon. Bumaba kami sa Nature's Spring. Sa Malolos, Bulacan makikita ang malaking paktori ng nature's spring. Nilibot kami sa loob nito. Sa loob ng paktoring ito , aktuwal mong makikita kung paano ang paggawa ng plastic na bote mula sa parang babasagin na bote. Makikita din ang proseso kung paano nilalagay ang mga tubig hanggang sa tapos na gawa. Hindi kami nagtagal pa sa Nature's Spring at pinuntahan na naming ang huli naming destinasyon sa Bulacan, ang Barasoain Church. Ito ay matatagpuan sa Malolos,Bulacan. Ang Barasoain Church ay siyang ginawang lipunan ng Congreso Revolucionario na pinasinayaan noong ika-15 ng Setyembre, 1898. Bukod pa diyan mula sa aming paglilibot sa simbahang ito, natuklasan ko din na dito pinagtalunan at pinagtibay ang Constitucion De Malolos. Bago ka pa tuluyang makapasok sa loob ng Barasoain Church, ang malaking pintuan ng simbahang ito ay pinaniniwalaan na mahiwaga. Ang bawat taong pumasok dito ay bumunulong at dito nila hinihiling ang ilan nilang kahilangan. Sa aming paglilibot sa loob ng simbahan, makikita din ang isang museo. Makikita mo ang iba't-bang sining ng kasaysayan, mga pinta at iba pa.

Mula sa aming paglalakbay at pakikipagsapalaran sa ilang lugar sa Gitnang Luzon, nakakapagod ngunit masaya, makabuluhan, at punong-puno ng kaalaman, at hindi malilimutang paglalakbay ang karanasang ito kasama ang aking mga kaibigan at kapwa kamag-aral. Mula din sa paglilibot sa mga lugar ng Pampanga at Bulacan, natutuhan ko na minsan napakaganda talagang balik-balikan ang kasaysayan lalo na ng iyong sariling bansa. Hindi lang ang mga kasaysayan kundi isa sa mahalagang natutuhan ko mula dito na mas mabuting kilalanin o libutin muna natin ang sariling atin bago ang ibang bansa. Dahil hindi natin alam na hindi na natin kailangan pang lumayo para maglakbay sa ibang lugar, kasi mismo an gating bansa ay may aking kagandahan at kaaya-ayang tanawin na ma sarap pagmasdan at lakbayin.






## Silangan, humakot ng parangal sa Dibisyon Palaro

Ipinamalas ng mga taga-Silangan ang kanilang husay sa iba't ibang larangan ng pampalakasan para sa pagbubukas ng Division Meet noong buwan ng Setyembre.

Naghari ang mga manlalaro sa Chess, Basketball (girls), at Table tennis matapos magwagi sa laban.

"Siyempre maganda kasi dito ginanap, maganda yung pagsuporta ng principal I'm so glad, maganda yung laban ng players napakasaya ng experience", ayon kay coach Wilson Pangan ng PCEHS.

Mga nagsipagwagi sa iba't ibang larangan.

Chess:
Tagapagsanay: Mrs. Tugadi
Group: ( Boys)
(Gold):
Balquin, Alfredo Jr.
Mancilia, John Carlo
(Girls)
Balete, Kimberly
Tatad, Jane
Individual: (Gold)
Balquin, Alfredo Jr.
Tatad, Jane
(Bronze):
Mancilia, John Carlo

Table tennis:
Tagapagsanay: Mrs. Celeste Prospero
Double ( 2nd )
Continuedo ,Kenneth Allen
Reico Dave
Mix Double
Reisha Dave
Reico Dave
Single (3rd)
Reisha Dave

Basketball (girls)
Tagapagsanay: Mr. Wilson Pangan
- Champion (Gold)

MVP:
Wheeler, Nikoll
Mythical 5:
Delfin, Janaryll
Imbang, Joyce Ann
Nufuente, Cheska
Sajul, Kathlyre
Sauler, Rhina
Reyes, Tuesday

*Jade Ann Quebec at Lance Rivera*

## Taunang Palarong Dibisyon 2015, idinaos

Idinaos noong Nobyembre 23, 2015 sa Cuneta Astrodome sa Pasay ang unang Taunang Palarong Dibisyon 2015 para sa paghahanda sa kompetisyon ng isports ng iba't ibang paaralan sa elementarya at sekondarya.Sinimulan ang programa sa pampasiglang bilang na ipinakita ng Pasay City West Highschool na ang tema ay folkdance at cheerdance.

Sinundan ito ng pagpapakilala ng mga delegasyon ni Ginoong Gloriani, supervisor ng Mapeh sa dibisyon ng Pasay sa mga atleta mula sa North, East, South at West sa elementarya samanatalang sa sekondarya naman ay ipinakilala ang mga paaralang Pasay City North Highschool Tramo at M. Dela Cruz kasunod ang East, West, South, Pasay Science, Kalayaan National Highschool at President Corazon Aquino Highschool. Bukod pa rito ay ipinakilala din ang mga Special schools katulad na lamang ng Pasay City Health Center at PCPRISA o Samahan ng Private Schools.

Opisyal na sinimulan ang programa sa pambansang awit, sinundan ng awit panalangin at Pasay Mabuhay March na pinangunahan ng Pasay City West Chorale. Ang programa ay dinaluhan ng mga kilalang tao tulad nina Mayor Tony Calixto, Congresswoman Imelda Calixto-Rubiano, Rey Padua, Allan Panaligan, Ian Vendivel, Evangeline P. Ladines, Irene Tonel (Chief Education Program Supervisor) at Librado Torres (Chief Education Program Supervisor)

Nag-iwan naman ng isang ginintuang mensahe si Mayor Antonio Calixto para sa bawat atleta na "Ang pagiging isang huwarang manlalaro ay isang hamon sa bawat atletang manlalaro na magkaroon ng positibong isipan patungo sa pagbabago".Maging si Congresswoman Emi Calixto- Rubiano ay may mensahe ring ipinaabot na "Mahalaga sa paligsahan ay kung paano makitungo at kung paano naglalaro ang atleta".

Pinangunahan ng isang mag-aaral ng Pasay City West Highschool na nagwagi ng First place Gold medalist sa larong Sepak Takraw ang panunumpa ng mga atleta.

Para sa pagbubukas ng Tauang palarong Dibisyon,pinangunahan at opisyal na binuksan ito Mrs. Evangeline P. Ladines at sinundan ng paghahagis ng bola ni Mayor Antonio Calixto.

*Marcus Kim Manuel*

## 2015 Intramurals

Matagumpay na naidaos ang pagbubukas ng 2015 Intramurals nitong nakaraang setyembre 16 hanggang 18 taong kasalukuyan na may temang "Igniting the fire of Silangan Culture of excellence through Sports".

Nag-umpisa ang programa sa pagpaparada ng mga magigiting at masisigasig na mga atleta sa pangunguna ni Gng. Neriza SM. Tugadi. Sinundan ng pagpasok ng mga kulay, kasunod ang pag-awit ng Lupang Hinirang at Pasay March. Sinundan naman ng pagbubukas ng palatuntunan na pinangungunahan ng Gng. Consolacion R. Lao ang ulo ng departamento. Makabagdamdamin naman ang inihatid na mensahe ng ating pinakamamahal na punong guro Ginoong Peter R. Cannon Jr. na nagsasabing "basta kasama kita walang kailangan pa". Si Patricia Favores naman ang pinaunlakang magsindi ng sulo hudyat ng pagsisimula na nga tunay na labanan sa pagitan ng bawat isa. Ang lahat ay hindi magkamayaw lalo na nang magpaunahan ang bawat year level coordinators sapag hila ng lubid upang mai-angat ang kanikanilang bandera.Sumisimbolo ito sa bawat pangarap ng batang atleta na hindi patatalo sa iba at handang iuwi ang karangalang inaasam sa ibat-ibang larangan. Ang bawat baitang din ay masayang nagpakita ng sariling estilo sa pagsasayaw ng "Rhytmic Gynastic Exercises" na nagbigay galak sa bawat puso ng bawat indibidwal.Malaki ang naging pasasalamat ng mga tagapagganap sa lahat ng masiglang nakilahok sa nasabing seremonya.

*Jessica Castor*

**SPORTS TRIVIA:**

Ni: Joy Ofalsa

*Ang "Open Era" ng Tennis ay nagsimula noong 1968 , ang pinaka-unang grand slam para sa pagbubukas ay ang French open.

*Ang golf ang tanging Isports na nalaro sa buwan noong ika-6 ng Pebrero 1971, si Alan Shepard lamang ang natatanging nakatama ng golf ball habang naglalaro sa buwan.